

NARATIBO NG LUBI SA ATING GUNITA: ANG INDUSTRIYA NG NIYOG SA PANITIKAN AT KASAYSAYANG PILIPINO, 1940-2018

Romeo Palustre Peña

University of the Philippines Diliman
rppena1@up.edu.ph

ABSTRACT

Pag-aambag sa pagsasakasaysayan ng industriya ng niyog sa Pilipinas ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito. Gumamit ng pamamaraang pangkasaysayan (historiograpiya) at pamamaraang pampanitikan (tekstuwal, kontekstuwal, subtekstuwal at intertekstuwal) sa pagsusuri ng mga akda upang masapul ang layunin na madalumat ang mga paggunita sa industriya ng niyog sa mga naratibong pangkasaysayan at pampanitikan at matukoy ang gamit nito sa paghubog ng kakanyahan, karangalan at kaakuhan o pagkamamamayan ng mga magniniyog sa Pilipinas. Mula sa isinagawang pagsusuri sa mga naging paggunita sa niyog sa mga naratibong mula sa oral na panitikan at sa mga naratibong pangkasaysayan at pampanitikan mula taong 1940 hanggang 2018, natuklasan sa pag-aaral na ito ang mga ideya at kaalaman na maaaring maging tungtungan sa pagpapatatag ng industriya ng niyog sa hinaharap. Gayundin, nasiyasat at naitampok sa pag-aaral na ito ang halaga ng mga maglulukad/magniniyog/magkokopra sa Pilipinas, partikular na nadukal ang kanilang malaking gampanin sa pagpapayabong ng niyog bilang puno ng buhay at ang gampanin nila sa pagpapaunlad ng industriya ng niyog na maituturing na kadluan ng yaman ng ating bansa.

Mga Susing-Salita: *Industriya ng Niyog; Niyog/Lubi; Oral na Panitikan; Naratibo; Agrikultura; Bondoc Peninsula*



This work is licensed under a Creative Commons
[Attribution 4.0 International License](https://creativecommons.org/licenses/by/4.0/).

Published by the National Research Council of the Philippines

INTRODUKSYON

Pagsasakaysayan ng industriya ng niyog sa Pilipinas mula 1940 hanggang 2018 ang pinakapakay ng pag-aaral na ito. Taong 1940 pininsala nang husto ng mga Amerikano ang industriya ng niyog sa Pilipinas sa pamamagitan ng politikal na pagkontrol at panghihimasok sa industriya. Gumawa sila ng paraan para mapigilan ang tuloy-tuloy na pag-unlad nito sa pamamagitan ng pagpapataw ng quota, export tax at excise tax sa mga iniluluwas na produktong mula sa niyog sa Pilipinas. Ang mga ipinataw na quota at mga tax ng mga Amerikano ang nagdulot ng pagbagsak ng presyo ng kopra at pagbagsak ng industriya ng niyog na ang pinakamalala ay noong 1940 (1.6 cents per pound). Samantala, taong 2018 ang naitalang pinakabagsak na presyo ng niyog mula 1,399 dolyar tungong 976 dolyar kada metrikong tonelada. Sa taong ito naglabas ang Philippine Coconut Authority (PCA) ng pahayag hinggil sa hindi mapigil na pagbagsak ng presyo ng niyog ngunit sa taong ito idinaos ang 1st World Coconut Congress 2018 na ginanap sa Pilipinas.

Ang pangkalahatang layunin ng pag-aaral na ito ay masuri ang mga paggunita sa industriya ng niyog sa mga naratibong mula sa mga oral na panitikan (bugtong, salawikain at awiting bayan) at mga naratibong pangkasaysayan at pampanitikan mula taong 1940 hanggang 2018 at mula rito'y makapaglatag ng mga ideya at mungkahi na makatutulong sa pagpapatatag ng industriya ng niyog sa hinaharap. Ang inangklahan ng pag-aaral na ito bilang batayang teoretikal at konseptuwal ay ang magkakakawing na mga ideya nina Tolentino (1981), Guillermo (2009), Villan (2013), Le Goff (1992), Almario (2019), Ricoeur (2004) at Foucault (2003). Mula sa lente nina Tolentino (1981) at Guillermo (2009) na ang akdang pangkasaysayan ay maaaring magbigay-liwanag at ang pagsulat ng kasaysayan ay paglikha ng mapa ng kaisipan at pagkilos ng pamayanan tungo sa gampanin ng gunita bilang hugutan ng kasaysayan nina Villan (2013), Le Goff (1992) at Almario (2019) hanggang sa konsepto nina Ricoeur (2004) at Foucault (2003) sa pinakamahalagang gampanin ng pagsulat ng kasaysayan, inilangkap ang mga magkakaugnay na mga konseptong ito sa kaso ng industriya ng niyog sa Pilipinas.

Sa pagtalakay rin sa gamit ng gunitang pangkasaysayan at pangkaunlarang gamit ng kasaysayan ni Villan (2013), mahihinuha ang mga maglulukad/magniniyog/magkokopra ang pinaka-esensiyal na bahagi ng ginawang paglingon o paggunita sa mga naratibo ng mga akdang tumatalakay sa niyog tungo sa bisyon na matatag na industriya ng niyog sa ating bansa hanggang sa hinaharap na panahon.

METODO

Gumamit ng pamamaraang pangkasaysayan (historiograpiya) at pamamaraang pampanitikan (tekstuwal, kontekstuwal, subtekstuwal at intertekstuwal) na pagsusuri sa mga akda upang masapul ang layunin na madalumat ang mga paggunita sa industriya ng niyog sa mga naratibong pangkasaysayan at pampanitikan at matukoy ang gamit nito sa paghubog ng kakanyahan, karangalan at kaakuhan o pagkamamamayan ng mga magniniyog sa Pilipinas. Gayundin, nakatulong nang husto ang kasaysayang pasalita o oral na kasaysayan at kuwentong-buhay bilang mga metodong pangkasaysayan (Clemen Aquino, Nancy Kimuell- Gabriel, Marcelino Foronda Jr., Fernando Santiago Jr., Ma. Luisa Camagay at Valerie Janesick) na nagamit ng mananaliksik sa isinagawa niyang fieldwork sa Lalawigan ng Quezon, partikular sa Bondoc Peninsula na maituturing na isa sa mga pangunahing nag-aambag ng malaking produksiyon ng niyog sa Pilipinas. Ang mga nakalap na datos sa isinagawang fieldwork ay nakatulong upang maitampok ang tinig ng mga maglulukad/magniniyog/magkokopra hinggil sa kultura ng pagniniyog. Ang kabuuang dulong sa pagtalakay at pagsusuri sa pag-aaral na ito ay interdisiplinaryo at multidisiplinaryo. Ang pagsasalikop ng kasaysayan, panitikan, agrikultura at pilosopiya (partikular ang pilosopiya ng gunita at paggunita) ang mababanaag bilang mga lente ng pagdulog. Inilapit at inilapat ang malikhain at mapanuring paraan ng pagtuklas sa pamamagitan ng paggunita sa mga naratibong pangkasaysayan at pampanitikan na nakatuon hinggil sa mga paksang may kaugnayan sa industriya ng niyog sa Pilipinas.

RESULTA AT TALAKAY

Inilatag sa unang bahagi ng pag-aaral na ito ang sinabi ni Rolando Tolentino na ang pagsulat ng kasaysayan ay paglikha ng mapa ng kaisipan at pagkilos ng pamayanan. Kaya, sinubukang likhain sa pag-aaral na ito ang pagsasakasaysayang maaaring maging mapa ng kaisipan at pagkilos ng pamayanan na nauukol sa industriya ng niyog sa Pilipinas. Lampas sa namayaning kasaysayan at kaganapan sa industriya ng niyog ang iminapa sa pagsasakasaysayang ito dahil naisakonteksto nito ang mga naratibong pangkasaysayan at pampanitikan hinggil sa niyog na mula mismo sa bibig at akda ng mga magniniyog. Ito ang pagsulat ng kasaysayang pinagsasalikop ang mga naratibo tungkol sa niyog na nagbuhat mismo sa mga datos pangkasaysayan, mga akdang pampanitikan at oral na kasaysayan na may kabuluhan at may saysay sa nakararaming mga Pilipino. Nakatutugon ito sa tanong ni Ramon Guillermo na para kanino ba makabuluhan at para kanino ba sinulat ang mga kasaysayan?—para sa nakararaming tao. Higit sa lahat, naisatinig sa pag-aaral na ito ang mga kamalayang mula mismo sa mga magniniyog na isa sa mga naging salukan upang maisulat ang kaysaysayan ng industriya ng niyog sa bansa. Sa ganitong paraan, nabibigyan nang higit na pagpapahalaga ang tinig ng mismong mga magniniyog upang kumatawan sa nilikhang kasaysayan bilang mapa ng kaisipan at pagkilos sa loob ng industriya ng niyog mula 1940 hanggang 2018.

Sa pangalawang bahagi ng pag-aaral na ito, itinampok ang mga oral na panitikan (bugtong, salawikain at awiting bayan) na naglululan ng mga kaalamang bayan at kalinangang Pilipino hinggil sa niyog. Mula sa paglalatatag at pagsusuri gamit ang mga naratibo mula sa oral na panitikan (bugtong, salawikain at awiting bayan), nakatulong ito upang maunawaan at mapalitaw ang kaalamang bayan at kalinangang Pilipino ukol sa niyog na ibinubukas sa ating kamalayan. Nagbubunsod ang kaalamang bayan at kalinangang ito ng matibay na sandigan sa paglingon o paggunita sa mga dakilang diwaing nakapaloob na may kaugnayan sa niyog. Kung babalikan si Vicente Villan, sinabi niyang kailangang pag-ukulan ng mataas na pagpapahalaga ang paglingon.

Kaya, makabuluhan sa paglingon o paggunita ang paggamit sa kaalamang bayan at kalinangan upang maangking muli ang kamalayang bayan at magamit ito bilang dinamikong sangkap sa pagbabagong panlipunan. Idiniin nga ni Virgilio Almario, kailangan ang paggunita upang makagawa ng epektibong plano o programa para sa ninanais na pagbabago sa hinaharap. Samakatuwid, ang mga oral na panitikang hinggil sa niyog na tinalakay ay giya sa pag-aangking muli sa sariling kalinangan sa pagniniyog. At ang kalinangang ito ang higit na kinakailangan sa pagpapalano ng mga programa upang hindi mahirapan ang industriya ng niyog sa Pilipinas na bagtasin ang landas sa hinaharap at makamit nito ang tunay na pag-unlad.

Samantala, sa pangatlong bahagi ng pag-aaral na ito, inilatag ang pagsasalikop ng mga naratibo hinggil sa niyog na mababakas sa paggunita sa mga talang pangkasaysayan at talang pampanitikan. Nagsimula ang bahaging iyon sa pagtalakay sa paglitaw ng isang korporasyon ng gobyerno na naitatag sa layuning maisulong daw ang nagsasariling industriya ng niyog sa Pilipinas, ito ang National Coconut Corporation (NACOCO). Dito inilantad ang mga datos, tala, ulat at saliksik bilang mga naratibong pangkasaysayan na nagpatunay na sa mahabang panahon ay higit na napakinabangan ng mga Amerikano ang industriya ng niyog sa Pilipinas. Dahil nakita ng mga Amerikano na matindi ang pag-unlad ng industriya ng niyog sa Pilipinas, gumawa sila ng paraan para mapigilan ang tuloy-tuloy na pag-unlad nito sa pamamagitan ng pagpapataw ng *quota*, *export tax* at *excise tax* sa mga iniluluwas na produktong mula sa niyog ng Pilipinas. Kasalikop ng paggunita sa kinahinatnan ng industriya ng niyog mula 1940 hanggang 1953 ang paggunita sa dalawang nagsasalpukang personalidad na umalingawngaw ang mga pangalan at akda sa parehong panahon. Sila ay sina Jose Garcia Villa at Salvador P. Lopez. Ang unang personalidad ay malilingon sana ang akda bilang testamento ng pagpapahalaga sa niyog. Samantala, ang pangalawa ay inaasahan sanang maghain ng pagtalakay sa tinatawag na panitikang proletaryo na may diwaing sumasalok sa sariling kalinangan sa pamamagitan ng paggunita sa kapwa Pilipino sa kasaysayan na akmang ibandila ang akda dahil angkop ang konsepto sa kaniyang paksa. Ngunit sa bandang dulo'y matutuklasan na ang dalawang nagsasalpukang personalidad ay hindi kayang kilalalanin ang mga sarili at nagpapaligsahan lamang ng mga nasagap nilang maka-Amerikanong himig at banyagang tradisyon sa panitikan.

Kaya bigo rin sila sa paghahain ng mga naratibong magugunita sana hinggil sa niyog at mga magsasaka/magniniyog sa ating bansa. Sa bahaging ito ng pag-aaral masusumpungan ang mga naratibong pangkasaysayan at pampanitikang hinggil sa niyog na tila nagiging lason kung susundan natin ang pagsandig ni Paul Ricouer sa *pharmakon* ni Plato. Lason dahil sa halip na kumatawan ang mga naratibong ito sa sariling kalinangan sa niyog, nawalan ito ng kapasidad sapagkat ligaw rin at hindi angkop sa sariling karanasan ang mga nasagap na kamalayan.

Sa pang-apat na bahagi naman tinalakay ang naging sitwasyon ng industriya ng niyog mula 1954 hanggang 1971 gamit ang mga naratibong pangkasaysayan at pampantikang nakalap. Saklaw ng panahong ito ang mga naratibo sa pagkakatatag ng tatlong ahensiya ng pamahalaan na nilikha raw para sa pangangailangan ng industriya ng niyog sa ating bansa. Ang mga ahensiyang ito ay ang Philippine Coconut Administration (PHILCOA), Philippine Coconut Research Institute (PHILCORIN) at Coconut Coordinating Council (CCC). Sa tatlong ito, ang PHILCORIN at CCC ang may malinaw na mga nagawa para paunlarin ang produksiyon ng niyog lalo na sa bahaging Mindanao. Gayundin, inilatag sa bahaging ito ang lumaganap na materyal na panturo o teksbuk sa pag-aaral ng panitikan na saklaw pa rin ng panahong ito sa pampublikong edukasyon sa ating bansa. Mula sa pagsusuri sa apat na tomo ng *Philippine Prose and Poetry*, walang tungkol sa niyog o kahit tungkol sa agrikultura man lamang sa pangkabuuan ang materyal na panturong ito. Kaya hindi maaasahang mapatingkad ang kamalayang Pilipino, lalo na ang kamalayang pang-agrikultura sa pampublikong edukasyon noon dahil sa ganitong klase ng mga materyal na panturo o teksbuk. Ngunit sa panahong ito, naitampok naman sa pamamagitan ng mga saliksik ni E. Arsenio Manuel ang masusing pag-aaral sa mga terminong ginagamit kaugnay sa kultura ng pagniniyog sa Pilipinas partikular sa Lalawigan ng Quezon na maituturing na mahalaga hindi lamang sa industriya ng niyog kundi pati na rin sa mga magniniyog sa nabanggit na lalawigan.

Dito na rin nagsimulang matunghayan ang tinig ng mga nakapanayam na magniniyog mula sa aming lugar sa Bondoc Peninsula, partikular sa mga Bayan ng Buenavista, San Narciso at Mulanay hinggil sa mga usaping may kinalaman sa mahabang panahon ng pangangamuhan sa niyugan, repormang agraryo, presyo ng niyog, estado ng pamumuhay bilang magniniyog at pati na rin sa usapin ng kultura sa pagniniyog partikular ang mga terminong ginagamit sa pagniniyog sa Bondoc Peninsula. Mula sa ganitong mga naratibong nagmumula sa paggunita ng mismong mga magniniyog sa pamayanan, napatitingkad ang ideyang binitawan ni Jacques Le Goff hinggil sa pagpapahalaga sa gunita upang maging batis pangkasaysayan na kumakalinga sa mismong pamayanan upang magsilbing mainam na batayan ng nakalipas at magsilbing gabay sa pag-unawa sa kasalukuyan at hinaharap. Samakatuwid, ang mga naratibong mula mismo sa paggunita ng mga magniniyog ay nararapat pahalagahan upang maging batayan ng nakaraan at makatulong sa pagsipat sa kasalukuyan at hinaharap ng industriya ng niyog sa ating bansa.

Sa panlimang bahagi naman inilahad ang naging kalagayan ng industriya ng niyog sa panahon ng Batas Militar sa Pilipinas (1972-1986). Unang inilatag ang estado ng industriya ng niyog pagdating sa pagluluwas o eksport sa panahong iyon. Makikita sa pamamagitan ng mga datos na nananatiling malakas at nangunguna pa rin ang Pilipinas sa pagluluwas ng mga produktong mula sa niyog. Tuloy-tuloy itong nakapag-aambag ng malaking kita at nakatulong sa ekonomiya ng bansa. Subalit, sa panahon ding ito naganap ang matinding pagmomonopolyo at pagkontrol sa industriya ng niyog ng pangkating Marcos, Enrile at Cojuangco gamit ang mga institusyong sila rin mismo ang komontrol gaya ng PCA, UNICOM, UCPB at COCOFED. Sa panahon ring ito ipinataw ang *coconut levy* na ugat ng maraming anomalya at kontrobersiya sa industriya ng niyog na lalong nagpalugmok sa kalagayan ng mga magniniyog sa ating bansa. Dagdag pa ang hindi matagumpay na repormang agraryong nagpatindi ng paghihirap ng mga magsasaka. Kasalikop ng mga pangyayaring ito ang pagkasangkapan sa mga panitikang hinggil sa niyog upang isulong ang diskurso ng Bagong Lipunan ng rehimeng Marcos.

Ang mga halimbawa ay ang paggamit ng panitikang hinggil sa niyog sa pagusulong ng Green Revolution, wastong nutrisyon at repormang agraryo na bahagi ng programang Bagong Lipunan. Sa kabilang banda, inihain din sa bahaging ito ang mga paggunita mula sa tinig, akda at mga pahayag bilang pagtuligsa at kontra-diskurso sa mga ipinalaganap at pinamayaning diskurso sa panahon ng Batas Militar lalo na't hinggil sa usapin ng *coconut levy fund*. Ang mga gunitang ito ay mula mismo sa tinig, akda at mga pahayag ng mga organisasyon ng mga magniniyog at lehitimong mga magniniyog sa ating bansa na nagsisilbing kontra-kasaysayan sa namayani at nilikhang opisyal na kasaysayan na ipinagugunita ng mga diskursong umaaayon noon sa Bagong Lipunan. Sang-ayon nga kay Michel Foucault, ang mga kontra-kasaysayan at kontra-diskursong ito ay mula sa mga taong isinadlak sa dilim at tinanggalan ng tinig. Kaya ang kontra-kasaysayang ito ay kasaysayan ng kaapihan at hindi kasaysayan ng pagtatagumpay ngunit gamot upang mapasilang ang katotohanan. Ngunit kahit ang kasaysayang ito ay nagawang patahimikin ng mga opisyal na kasaysayan, ito ang kasaysayang nagpapatunay na may naganap na omisyon at eksklusyon dahil may mga pinipi at tinanggalan ng tinig sa pamamagitan ng diskursibong praktika sa isang partikular na espasyo at panahon. Samakatuwid, ang tinig, akda at mga pahayag ng mga magniniyog na inilatag sa bahaging ito na taliwas o kontra sa mga namayaning diskursong naitala noon sa opisyal kasaysayan na pumapatungkol sa industriya ng niyog ay katunayan na may naganap na omisyon at eksklusyon sa tinig ng mga magniniyog noon. Pinipi at inapi sila sa panahong iyon at hindi pinakinggan ang kanilang tinig lalo na sa malaganap na isyu ng *coconut levy* at matinding pagmomonopolyo at pagkontrol sa industriya ng niyog ng mga gahaman at mga nasa kapangyarihan kaya lalo silang nalugmok sa kahirapan.

Sa huling bahagi, inilatag ang mga naratibong pangkasaysayan at pampanitikan mula 1987 hanggang 2018. Ito ang panahong hindi pa rin binigo ng mga magniniyog na Pilipino ang bansa pagdating sa tuloy- tuloy na produksiyon ng niyog at pagluluwas ng mga produktong nagmumula sa niyog sa buong mundo sa kabila ng pamamayagpag ng ilan pang mga bansa sa mundo sa industriya ng niyog. Nanatili ang mga magniniyog sa kanilang katungkulan na maging bahagi ng pagpupunyagi at pag-asam ng bansang may maunlad na yamang agrikultural.

Subalit, nananatiling bigo ang mga magniniyog sapagkat hindi naisakatuparan ang mga ipinangakong repormang agraryo dahil sa maituturing na buktot na pagkatao ng mga may-ari ng malalawak na niyugan, mayroong mga may-arang nananakot sa mga magniniyog, mayroong hindi tumutugon sa petisyon na isama sa repormang agraryo ang kanilang lupain o mga sakim, mayroong nagpalayas at nang-api sa mga magniniyog na nasa kanilang lupain o masasama ang pag-uugali at mayroong nakakakuha ng eksklusyon para sa repormang agraryo sa DAR dahil sa paglalagay o mga magugulang at mandaraya. Dagdag pa, talagang naging malaking dagok sa mga magsasaka ang hindi tunay na repormang agraryo dahil ang mismong pamilya o angkan ng administrasyong Corazon C. Aquino noon ang lumabag dito kung babalikan ang isyu ng Hacienda Luisita. Nagpapagunita ang mga datos pangkasaysayan sa yugtong ito ng mga naratibo ng panghihinayang at pagkabahala dahil sa kabila ng pagpapagal ng mga magniniyog para matugunan ang *export oriented* na katangian ng paglago ng industriya ng niyog sa Pilipinas, nananatiling hikahos pa rin ang kalagayan ng mga magniniyog. Bigo sila sa magandang kita sa pagniniyog, bigo sa suporta ng gobyerno at bigo rin sa repormang agraryo. Tumagos ang pagkabigong ito ng mga magniniyog sa mga sumunod pang administrasyon hanggang sa mabalitaan natin ang pagbagsak ng presyo ng niyog na pinakamababa sa kasaysayan noong 2018. Nasa panahon ring ito ang mga naratibong pangkasaysayang hinggil sa pananalasa ng pesteng *cocolisap* na puminsala sa 2.1 milyong puno ng niyog sa Pilipinas. Sa kabilang banda, naging matayog naman ang paggunita sa industriya ng niyog sa panahong ito sa pamamagitan ng mga naratibong pampanitikan. Inilatag rito ang tula ni Domingo Landicho na humatak para mabalikan ang isyu sa pagpapagawa ng Tahanang Pilipino o mas kilalang bilang *Coconut Palace*. Ang tula naman ni Genevieve Asenjo ay naglatag ng senaryo upang makilala ang isa pang umuusbong na industriyang may kinalaman sa niyog, ito ang *coconut water industry*. Samantala, ang tula naman ni Axel Pinpin ay naghatid ng naratibo hinggil sa mga napagsamantalahan at inaping mga magniniyog ng mga nasa kapangyarihan, mga gahaman at mga mandarambong na kung babalikan at sisipatin sa daloy ng kasaysayan ng industriya ng niyog ay mapatutunayang totoo lalo na sa panahon ng Batas Militar.

Sa mga sanaysay naman nina Virgilio Almario at V. E. C. Nadera Jr., ipinamalas ang hindi pangkaraniwang pagdakila sa niyog na nakapagpapamulat ng kaisipan ng mga Pilipino hinggil sa halaga ng niyog sa ating buhay at sa lipunang ating ginagalawan. Ang awit namang *Da Coconut Nut* na komposisyon ni Ryan Cayabyab na naglalarawan ng saysay at gamit ng bawat bahagi ng puno ng niyog ang pumukaw sa atensyon ng buong mundo at naging hugutan upang matalakay ang naidulot na *multilevel* na industriya ng niyog sa ating bansa. Ang nobela naman ni Jose Dalisay Jr. ang nagtaboy sa atin para gunitain ang ukol sa kultura ng pagbubukayo ng mga Pilipino na may matamis na ambag sa industriya ng niyog sa ating bansa. Ang pelikulang dokumentaryong hinggil sa isyu ng *coco levy* na karirangan natin ng tinig ng mga babaeng magniniyog ang nagtulak sa atin na suriin ang kalagayan ng kababaihan sa lipunang Pilipino. At ang mga tula ng mga magniniyog sa Bondoc Peninsula na sina Eric Portento at Eulalio Zulueta ay nagbibitbit ng isyu hinggil sa suporta ng gobyerno sa mga magniniyog at ang tumatandang populasyon o *aging population* ng mga magniniyog sa ating bansa.

KONGKLUSYON

Sa ginawang pananaliksik, naipakita na ang mga paggunita sa industriya ng niyog ay nakakawing sa diwang idiniin ni Rolando Tolentino na nakabatay sa naratibo mismo ang konsepto ng kasaysayan—ang paglikha ng salaysay, sanaysay, o saysay ng pamayanan. Samakatuwid, sa pag-aaral na ito pinalutang ang silbi ng naratibo sa pagsulat ng kasaysayan ng industriya ng niyog dahil pinahahalagahan na ang kasaysayang ito ay mga kuwentong kinatha tungkol sa niyog at magniniyog gamit ang obserbasyon, imahinasyon at kritikal na pagsusuri sa kaganapan sa industriyang ito at mga taong nakapaloob rito batay sa pinanggagalingang historikal na posisyon. Mula sa isinagawang pagsusuri sa mga naging paggunita sa niyog sa mga naratibong mula sa oral na panitikan at sa mga naratibong pangkasaysayan at pampanitikan mula taong 1940 hanggang 2018, natuklasan sa pag-aaral na ito ang mga ideya at kaalaman na maaaring maging tungtungan sa pagpapatatag ng industriya ng niyog sa hinaharap.

Gayundin, nasiyasat at naitampok sa pag-aaral na ito ang halaga ng mga maglulukad/magniniyog/magkokopra sa Pilipinas, partikular na nadukal ang kanilang malaking gampanin sa pagpapayabong ng niyog bilang puno ng buhay at ang gampanin nila sa pagpapaunlad ng industriya ng niyog na maituturing na kadluan ng yaman ng ating bansa.

PASASALAMAT

Pinasasalamatan ang National Research Council of the Philippines sa ipinagkaloob na Dissertation Grant.

TALASANGGUNIAN

Almario, Virgilio. (2019). *Bakit Kailangan Natin si Pedro Bucaneg?: Tungo sa Kalusugan at Kalayaan ng Pambansang Gunita*. Maynila: Aklat ng Bayan.

Aquino, Clemen. (1998). *Mga Panlipunang Salik sa Pagpapaunlad ng Industriya ng Niyog sa Bansa*. Lungsod Quezon: Unibersidad ng Pilipinas Diliman, Office of Research Coordination.

Castillo, Monica B., & Princess Alma B. Ani. (2019). *The Philippine Coconut Industry: Status, Policies and Strategic Directions for Development*.
http://ap.fftc.agnet.org/ap_db.php?id=969&print=1.

David, Virgilio. (1977). "The Barriers in the Development of the Philippine Coconut Industry." Masters Thesis, Ateneo de Manila University.

Foucault, Michel. (2003). *Society Must Be Defended: Lectures at the College de France, 1975-76*, trans. David Macey. New York: Picador.

Guillermo, Ramon. (2009). *Pook at Paninindigan: Kritika ng Pantayong Pananaw*. Quezon City: University of the Philippines Press.

Le Goff, Jacques. (1992). *History and Memory*, trans. Steven Rendall at Elizabeth Claman. New York: Columbia University Press.

Magat, Severino. (1996). "Coconut Agricultural Research in the Philippines: Its History, Technological Advances and Future Targets." *Technotrends*, 6(1), 1-7.

Orr, Yancey. (2012). "Coconuts and the Emergence of Violence in Sulu: Beyond Resource Competition Paradigms." *Journal of the Humanities and Social Sciences of Southeast Asia* 168, 2(3), 253-273.

Oniki, Shunji. (1992). "Philippine Coconut Industry and the International Trade." Masters Thesis, Michigan State University.

Pabuayon, Isabelita, Catelo, Salvador P., Rola, Agnes C., & Paris, Tirso B. Jr. (2013). *Agricultural Policy: Perspectives from the Philippines and Other Developing Countries*. Quezon City: University of the Philippines Press.

Ricoeur, Paul. (2004). *Memory, History, Forgetting*, trans. Kathleen Blamey at David Pellauer. Chicago: University of Chicago Press.

Tiglao, Rigoberto. (1981). *The Philippine Coconut Industry: Looking into Coconuts Export-Oriented Agricultural Growth*. Manila: ARC Publication.

Tolentino, Rolando. (2007). *Sipat Kultura: Tungo sa Mapagpalayang Pagbabasa, Pag-aaral at Pagtuturo ng Panitikan*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

Villan, Vicente. (2013). "Ilub, Unong, at Amok: Pag-unawa sa Katatagan ng Buut ng mga Bayani sa Himagsikang Pilipino sa Panay, 1896-1898." *Diwa E-Journal*, (1), 58-92.